PAHAYAG NG IMPORMASYON SA BAKUNA

Bakunang Pneumococcal Polysaccharide

Ano Ang Kailangan Mong Malaman

Many Vaccine Information Statements are available in Tagalog and other languages. See www.immunize.org/vis

Maraming Pahayag ng Impormasyon sa Bakuna ang makukuha sa Tagalog at sa iba pang mga wika. Tingnan sa www.immunize.org/vis

1 Bakit kailangang magpabakuna?

Ang pagbabakuna ay maaaring magbigay proteksiyon sa mga mas matandang maygulang (at ilang bata at mas batang maygulang) mula sa **pneumococcal na sakit**.

Ang pneumococcal na sakit ay dulot ng bacteria na maaaring kumalat mula sa tao papunta sa ibang tao sa pamamagitan ng malapitang kontak. Maaari itong magdulot ng mga impeksiyon sa tainga at maaari ring magdulot ng mas malalang impeksiyon ng:

- Baga (pulmunya),
- Dugo (bacteremia), at
- Takip ng utak at gulugod (meningitis). Ang meningitis ay maaaring magdulot ng pagkabingi at pinsala sa utak at maaari itong makamatay.

Sinuman ay maaaring magkaroon ng pneumococcal na sakit, pero ang mga batang wala pang 2 taong gulang, mga taong may ilang medikal na kundisyon, mga maygulang na mas matanda sa edad na 65 taon, at mga naninigarilyo ay nasa pinakamataas na peligro.

Mga 18,000 mas matandang maygulang ang namamatay bawat taon mula sa pneumococcal na sakit sa Estados Unidos.

Ang paggamot ng pneumococcal na impeksiyon gamit ang penicillin at mga ibang gamot ay dating mas mabisa. Pero ang ilang strain ng sakit ay hindi na tinatablan ng mga gamot na ito. Ginagawa nitong mas mahalaga pa ang pag-iwas sa sakit sa pamamagitan ng pagbabakuna.

2 Bakunang pneumococcal polysaccharide (PPSV23)

Nagbibigay-proteksiyon ang bakunang pneumococcal polysaccharide (PPSV23) laban sa 23 uri ng pneumococcal bacteria. Hindi nito mahahadlangan ang lahat ng pneumococcal na sakit.

Ang PPSV23 ay inirerekomenda para sa:

- Lahat ng maygulang na edad 65 taon at mas matanda,
- Sinumang tao na edad 2 hanggang 64 taon na may ilang pangmatagalang problemang pangkalusugan,
- Sinumang tao na edad 2 hanggang 64 na taon na may mahinang immune system,
- Mga maygulang na edad 19 hanggang 64 taon na naninigarilyo o may hika.

Karamihan ng tao ay kailangan lang ng isang dosis ng PPSV. Ang pangalawang dosis ay inirerekomenda para sa ilang pangkat na mataas ang peligro. Ang mga tao na edad 65 taon at mas matanda ay dapat kumuha ng dosis kahit na nakakuha sila ng isa o higit pang dosis ng bakuna bago sila maging 65.

Ang iyong tagapaglaan ng pag-aalaga sa kalusugan ay makakapagbigay sa iyo ng higit pang impormasyon tungkol sa mga rekomendasyong ito.

Karamihan sa malulusog na maygulang ay nagkakaroon ng proteksiyon sa loob ng 2 hanggang 3 linggo mula sa pagpapa-iniksiyon.

3 May ilang tao na hindi dapat tumanggap ng bakunang ito

- Sinumang may mapanganib sa buhay na allergic na reaksiyon sa PPSV ay hindi dapat kumuha ng isa pang dosis.
- Sinumang may malalang allergy sa anumang bahagi ng PPSV ay hindi dapat makatanggap nito. Sabihin sa tagapaglaan mo kung may anumang malalang allergy ka.
- Sinumang may katamtaman o malalang sakit kapag itinakda ang pag-iniksiyon ay maaaring pahintayin hanggang gumaling na sila bago magpabakuna. Ang taong may banayad na sakit ay karaniwang maaaring magpabakuna.
- Hindi dapat matanggap ang bakunang ito ng mga batang wala pang 2 taong gulang.
- Walang katibayan na ang PPSV ay mapanganib sa babaeng buntis o sa kanyang ipinagbubuntis. Subalit, bilang pag-iingat, ang mga kababaihang kailangan ng bakuna ay dapat mabakunahan bago mabuntis, kung posible.

U.S. Department of Health and Human Services
Centers for Disease Control and Prevention

4 Mga panganib ng isang reaksiyon sa bakuna

Sa anumang gamot, kabilang ang mga bakuna, may tsansa ng mga side effect. Karaniwan ay banayad ito at mawawala nang kusa pero posible rin ang mga malalang reaksiyon.

Halos kalahati ng mga taong nagkakaroon ng PPSV ay may mga banayad na side effect, tulad ng pamumula o pananakit kung saan ininiksyonan, na mawawala sa loob ng dalawang araw.

Wala pang 1 mula sa 100 tao ang nagkakaroon ng lagnat, pananakit ng kalamnan o mas malalang lokal na reaksiyon.

Mga problema na maaaring mangyari pagkatapos ng anumang bakuna:

- Ang mga tao kung minsan ay hinihimatay matapos ang isang medikal na pamamaraan, kabilang ang pagbabakuna. Ang pag-upo o paghiga nang mga 15 minuto makalipas ang pagbabakuna ay makakatulong na mapigilan ang pagkahimatay, at mga pinsalang dulot ng pagkatumba. Sabihin sa iyong doktor kung nakakaramdam ka ng pagkahilo, o may mga pagbabago sa paningin o kuliling sa mga tainga.
- Ang ilang tao ay nagkakaroon ng matinding sakit sa balikat at nahihirapan sa paggalaw ng braso kung saan ibinigay ang iniksiyon. Nangyayari ito nang napakadalang.
- Ang anumang gamot ay maaaring magdulot ng isang matinding allergic na reaksiyon. Ang ganitong mga reaksiyon mula sa isang bakuna ay napakabihira, na tinatayang mga 1 sa isang milyong dosis, at nangyayari sa loob ng ilang minuto hanggang sa ilang oras makalipas ang pagbabakuna.

Tulad ng anumang gamot, mayroong napakaliit na tsansa na ang isang bakuna ay magiging sanhi ng malubhang pinsala sa katawan o kamatayan.

Ang kaligtasan ng mga bakuna ay palaging sinusubaybayan. Para sa dagdag pang impormasyon, bumisita sa: **www.cdc.gov/vaccinesafety/**

5 Paano kung may malalang reaksiyon?

Ano ang dapat kong hanapin?

Magbantay para sa anumang iba pang bagay na ikakabahala mo, tulad ng mga palatandaan ng matinding allergic na reaksiyon, napakataas na lagnat, o di-pangkaraniwang pag-uugali.

Ang mga palatandaan ng isang **matinding allergic na reaksiyon** ay maaaring kabibilangan ng mga tagulabay, pamamaga ng mukha at lalamunan, hirap sa paghinga, mabilis na pintig ng puso, pagkahilo at panghihina. Nagsisimula ito kadalasan nang ilang minuto hanggang ilang oras makalipas ang pagbabakuna.

Ano ang dapat kong gawin?

Kung sa iyong palagay ay isa itong matinding allergic na reaksiyon o iba pang emerhensiya na hindi makakapaghintay, tumawag sa 9-1-1 o pumunta sa pinakamalapit na ospital. Kung hindi, tawagan ang iyong doktor.

Pagkatapos, dapat iulat ang reaksiyon sa Vaccine Adverse Event Reporting System (VAERS) (Sistema ng Pag-uulat ng Hindi Mabuting Pangyayari kaugnay ng Bakuna). Maaaring isumite ng iyong doktor ang ulat na ito, o maaaring ikaw mismo ang gumawa nito sa pamamagitan ng web site ng VAERS sa **www.vaers.hhs.gov**, o sa pagtawag sa **1-800-822-7967**.

Ang VAERS ay hindi nagbibigay ng payong medikal.

6 Paano ako makakakuha ng karagdagang kaalaman?

- Tanungin ang iyong doktor. Siya ay maaaring magbigay sa iyo ng insert sa pakete ng bakuna o magmungkahi ng iba pang mga mapagkukunan ng impormasyon.
- Tumawag sa iyong lokal o pang-estadong kagawaran ng kalusugan.
- Makipag-ugnay sa Centers for Disease Control and Prevention (CDC) (Mga Sentro ng Pagkontrol at Pagpigil ng Sakit):
  - Tumawag sa **1-800-232-4636** (**1-800-CDC-INFO**) o
  - Pumunta sa website ng CDC sa **www.cdc.gov/vaccines**

Vaccine Information Statement

PPSV Vaccine

4/24/2015

Tagalog

Office Use Only

Translation provided by the Immunization Action Coalition